

Kaligtasan sa elevator



Karamihan sa mga pabahay ng Mission Australia Housing ay mayroong mga elevator para matulungan ang mga nangungupahan at kanilang mga bisita na gumalaw sa kanilang gusali. Mahalaga na malaman hindi lamang kung paano patakbuhin ang elevator, kundi pati ang dapat gawin kung ang elevator ay maipit o tumigil.

Mga Payo para sa kaligtasan sa elevator

Habang naghihintay ng elevator:

- Alamin ang iyong patutunguhan - anong palapag ang pupuntahan?
- Pindutin ng isang beses ang pangtawag ng elevator sa direksyon (pataas o pababa) kung saan mo gusto pumunta
- Makinig at tumingin sa signal na magsasabi kung paparating na ang elevator
- Alamin ang kundisyon ng kalusugan mo at ng iyong mga bisita na maaaring maging dahilan ng pagtumba at mga aksidente
- Huwag harangan ang pintuan ng elevator at tumayo sa gilid upang mabigyan ng daan ang mga palabas
- Kung ang dumating na elevator ay puno na, hintayin ang kasunod
- Huwag subukang pilit na harangan o pigilan ang pag-sara ng pintuan, hintayin ang kasunod na elevator. Gamitin ang **DOOR OPEN** na pindutan kung gustong panatiliing bukas ang pinto.
- Sa kaganapan ng sunog o pagkaputol ng kuryente, gumamit ng hagdan.

Habang pasakay sa elevator:

- Tumayo sa gilid upang payagang makadaan ang mga pasaherong lumalabas ng elevator
- Tignan ang inaapakan - maaaring hindi pantay ang elevator sa pinto
- Huwag harangan ang pintuan - ilayo ang mga damit, bitbit na bag o anumang gamit sa pintuan
- Hawakang mahigpit ang mga bata at alagang hayop
- Ang mga pasaherong malapit sa pintuan ang dapat na unang gumalaw pagdating ng elevator
- Pindutin ng matagal ang DOOR OPEN button kung kinakailangang panatiliing bukas ang pintuan, o humingi ng tulong sa pag-pindot nito
- Huwag pigilan ang pag-sara ng pinto gamit ang sariling katawan o dalang kagamitan. Hintayin ang sunod na elevator.
- Habang nasa loob, pindutin ang palapag kung saan patungo at umusog sa likuran upang mabigyang daan ang ibang pasahero

Habang nakasakay sa elevator:

- Huwag manigarilyo
- Tumayo sa tabi kung bakante
- Bigyan ng atensyon ang mga indikasyon sa pintuan at mga pahayag kung mayroon man
- Kung ang mga pintuan ay hindi nagbubukas sa pagtigil ng elevator, pindutin ang DOOR OPEN button
- Huwag gamitin ang elevator para sa malalaking kasangkapan o bilang lugar ng laruan

Habang lumalabas ng elevator:

- Lumabas kaagad pagdating sa palapag na patutunguhan. Huwag hintayin ang mga nasa likuran
- Huwag itulak ang mga tao sa harapan kung ikaw ay papalabas
- Tignan ang inaapakan - maaaring hindi pantay ang elevator sa pintuan

Sa kaganapan ng emergency sa elevator

Kung tumigil ang elevator ng hindi inaasahan sa pagitan ng mga palapag, huwag matakot. Ligtas ang mga elevator.

Huwag subukang umakyat palabas ng elevator kung ito ay naipit sa pagitan ng mga palapag at huwag subukang pilit na buksan ang mga pintuan

Ang pinaka-mahalaga, hintayin ang mga kwalipikadong tauhan na dumating at huwag subukang lumabas ng elevator na hindi pa tumitigil ng maayos

Ang mga ilaw na pang-emergency ay magbubukas sa kaganapan ng pagkaputol ng kuryente

Kung ikaw ay di makalabas ng elevator

1. Pindutin ang “Door Open” button

- Kung ikaw ay malapit sa palapag, magbubukas ang pintuan. Marahan na humakbang palabas ng elevator. Siguraduhing tignan ang hakbang dahil maaring hindi pantay ang pintuan sa palapag.

2. Manatiling kalmado

- Kung hindi magbukas ang pintuan, ikaw ay mananatiling ligtas. Huwag subukang lumabas ng elevator. Hintayin ang kwalipikadong tauhan na dumating. Kahit na pakiramdam mo ay mainit ang hangin, maraming hangin na umiikot sa loob ng elevator

3. Pindutin ang alarm o help button, at gamitin ang anumang maaaring paraan ng komunikasyon

- Pindutin ang alarm button at hintayin ang tutugon sayo
- Sa mga bagong elevator, mayroong phone button sa halip na alarm button. Kapag pinindot, tatawag ito sa grupo na kwalipikadong tumulong sa iyo (tulad ng kumpanya ng elevator, emergency services, o kumpanya ng alarma)
- Mayroong mga elevator na may two-way speaker system o telepono na bibigyan ka ng kakayahang makipag-usap sa tauhan ng gusali o magliligtas sa iyo. Huwag magulat kung hindi ka naririnig o hindi gumagana ang telepono. Ang ibang telepono ay dinisenyo na tumanggap lang ng tawag. Ang mga kwalipikadong tauhan ay tatawag pag dating nila sa gusali

4. Huwag matakot at huwag subukan na lumabas ng mag-isa galing sa elevator

- Huwag subukang umalis ng naantalang elevator. Ito ay lubhang mapanganib. Palaging hintayin ang kwalipikadong emergency personnel
- Ang pinakamagandang bagay na iyong gagawin ay ang subukang kumalma, maging koportable, at maghintay ng propesyonal na tulong
- Hangga’t ikaw ay nananatiling kalmado at naghihintay ng propesyonal na tulong, ikaw ay ligtas
- Huwag sisipain ang pintuan, ito ay maaaring magdulot ng karagdagang pinsala at makahadlang sa iyong pag-labas

- Kung mayroon kang telepono, maaari ka tumawag sa Mission Australia Housing 24/7 Hotline at kausapin ang isa sa aming miyembro sa 1800 269 672

Panatiling malinis ang elevator!!

Para maging mas komportable ang iyong pag-sakay, siguraduhin ang maingat na paggamit ng elevator at huwag mag-iwan ng basura o personal na gamit dito. Ang aming mga elevator ay regular na nililinis, pero kailangan namin ang tulong ninyo upang panatiliin itong malinis. Huwag manigarilyo sa loob ng elevator.


I-report ang anumang pinsala o paninira sa Mission Australia Housing Hotline sa 1800 269 672

PAALALA: Mahalaga na huwag mong subukang hadlangan ang serbisyo ng elevator sa iyong gusali o sirain ito sa anumang paraan. Kasama na dito ang graffiti o pag-iwan ng basura. Ang mga nangungupahan ay responsable sa halaga ng pagpapaayos na kailangan bilang resulta ng sadya o pabayang paninira sa mga elevator.

Contact us

 **Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

 1800 269 672

 missionaustralia.com.au